**SI TIYA SALOME**
**Mailking Kwentong Pambata**
**Cheeno Marlo M. Sayuno**

Palaging pinapanood ni Tintoy si Tiya Salome, isang matandang palaging nakadungaw sa bintana sa dulo ng pasilyo ng kanilang tinitirhang gusali. Dahil sa *hologram* lamang naman nagkaklase ang mga bata, sa bahay lamang palagi si Tintoy at ang kanyang kapatid na si Isa. Kaya naman palaging pumupukaw sa atensyon ni Tinto yang matandang palaging nag-iisa sa may bintana. Marami kasing iba't ibang kwento tungkol sa matanda. Panakot pa nga ito sa mga bata. Ngunit ramdam ni Tintoy na may higit na malalim na kwento ang buhay ni Tiya Salome.

Isang araw, nagpatulong si Tiya Salome kay Tintoy na lumabas ng kanilang gusali. Saan kaya pupunta ang matanda? Madidiskubre naman ni Tintoy na may lupa pala sa ilalim ng mga *titanium plates* na sahig ng buong bayan. Ngayon lamang siya nakakita nito. Matagumpay nilang naitanim sa lupa ang mga buto ng halaman na dala ni Tiya Salome. Mangha man si Tintoy ay kinailangan nilang bumalik sa kanilang gusali dahil sa mga paparating na *peace officers*. Hindi kasi nakakalabas ang mga tao sa mga gusali maliban na lamang kung ito ay ayon sa utos ng gobyerno.

Muling maglalagi si Tiya Salome sa bintana, pasimpleng itinatapon ang tubig sa bintana. Mapapaisip si Tintoy habang inoobserbahan ang matandang ngayon ay ngumingiti na sa kaniya. Tama, naisip ni Tintoy, kailangan ng tubig, lupa, at init ng araw ng mga halaman upang tumubo. Napag-aralan nila ito sa isa sa mga *hologram lessons* ukol sa syensya at kasaysayan. Si Tinto yang magsisilbing tagapagpatuloy ng simulating ito ni Tiya Salome.

Sa kwentong ito na nakalatag sa isang *dystopian* Philippines, alamin kung paano madidiskubre ni Tintoy ang lihim na hiwaga ng kasaysayan ng mundo sa tulong ni Tiya Salome.

**SI TIYA SALOME**

Sa tuwing lulubog ang araw, maririnig sa buong gusali ang mga hikbi ng isang babae. Noong mas bata pa ako, natatakot ako kaya naman sa unang hikbi pa lamang ay patakbo na akong magtutungo sa aming yunit. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ito nawawala, ngunit habang ang lahat ng nakatatanda ay nagkikibit-balikat na lamang, hindi mawala sa akin ang pagtataka kung bakit patuloy ang pag-iyak ng matanda kapag tumatapak na ang dilim sa aming bayan.

Siya si Tiya Salome. Dahil iyon ang tawag ng lahat sa kanila, iyon na rin ang naitawag naming sa kaniya, kahit na sabi ng aking mama ay hindi ko naman siya tiyahin. Sa isang maliit na bintana sa pinakadulo ng papahabang gusali na may dalawang palapag kung saan kami nakatira, palagi lamang nakadungaw ang matanda, at kapag magdidilim na'y maiiyak siya hanggang sa ang mga hikbi na lamang ang maiwan ng kanyang naubos nang mga luha. Darating ang isang nars para ipasok siya sa kaniyang yunit, at kinabukasan ay palagi ko na siyang naaabutan sa may bintanang nagsilbi nang espesyal na pwestong palaging naghihintay sa pagdating niya.

Walang naglalakas loob na magkwento tungkol sa kanya. O siguro ay wala namang may pakialam talaga. Lumilipas ang bawat araw na hinahayaan na lamang ng mga nakatira sa amin si Tiya Salome. Kadalasan ay ipinangtatakot na lamang siya sa mga bata, kagaya ng ginawa sa aming magkapatid nina Mama at Papa. Dose anyos na ako, kaya hindi na ako natatakot, pero gustong gusto kong malaman kung anong problema ni Tiya Salome, kung ano ang kaniyang pinagdaraanan.

"Ano po ba ang nangyari sa kanya?" lakas-loob kong tanong kay Mama minsang magkakausap kami sa *hologram*.

"Sabi nila, pagkatapos ng gyera, ganyan na 'yan," ang sagot niya, "walang nakakaalam, kaya kung ako sa'yo, Tintoy, Hay naku, 'yang pag-aaral mo ang atupagin mo at hindi ang kung anu-ano. Maswerte ka at nakakapag-aral ka kahit ganito tayo. Lagot ka sa 'ken pag-uwi ko sa isang linggo!"

"Opo, Mama, nag-aaral naman po ako, nakabukas din ang hologram ni *Ma'am*, oh!" Iniikot ko nang kaunti ang pabilog na makinang pinagmumulan ng birtwal na imahe ni Mama upang makita niya ang isa pang nagsasalitang imahe.

Garalgal na nagpaliwanag ang hologram ng aking guro. "*Photosynthesis is the process of making food in plants. Plants are living organisms that have so-called roots that hold them to the ground. While we can walk, their feet make them hold on to the ground. They need air, water and sunlight to grow. Here are a few examples*." Pagkatapos ay napalitan ang imahe sa *hologram* ng mga berdeng bagay na hugis bilog. May mga papahaba ring mga parang poste na kulay *brown*. Ito daw ang kung tawagin ay *plant*.

Papaano kaya sila kumakain? 'Di bale, itatanong ko na lang kay Mrs. Calleja bukas kapag may *live stream* na *hologram* na kami para sa *recitation*, sabi ko sa sarili.

Patuloy ang pagtunog ng *recorded hologram* ni Mrs. Calleja at kasabay nito ay ang patuloy kong pag-iisip tungkol kay Tiya Salome. Hindi ko naman nais na pagtuunan siya ng pansin lalo na sa *virtual class* namin, pero noong gabing iyon, matapos muling marinig ang kanyang mga hikbi, hindi na naman siya mawala sa isip ko.

Naisipan kong lumabas ng yunit namin upang tingnan ang espasyong paborito ni Tita Salome. Wala na siya kaya naman naglakad ako nang dahan-dahan patungo sa bintana. Tumambad sa akin ang malawak naming bayan. Kumikinang sa tulong ng buwan ang mga katabi naming gusali, gayon din ang mga kalsada. *Titanium platings* daw ang gamit sa lahat ng ito, sabi ni Papa na nagta-trabaho sa gawaan nito sa kabilang bayan. Doon daw sa syudad, mas makintab ang lahat at kulay puti kaysa dito sa amin na pilak ang lahat. Mas mahal daw kasi iyong materyales doon. Dito sa amin, iyong mababang klase lang. Kasi daw, mas mahalaga iyong *Internet connections* at *network* kaysa sa mga kalsada.

Saka, naisip ko, para saan pa? Andito na naman lahat sa bahay ang kailangan namin. Basta may *Internet*, ayos na.

“Kuya! Gutom na ako!” Ang sigaw ni Isa ang gumising sa aking pagmumuni-muni sa bintana ni Tiya Salome, “bakit ka ba nandiyan? Hala ka baka kunin ka niya!”

“Waaaaaah!” Pakunwaring natatakot akong nagtatakbo sa patungo sa *Unit* 205 kung saan kami nakatira.

“Kuya Tintoy, dali na, magluto ka na!” patuloy na pangungulit ni Isa habang pabalik sa paglalaro niya ng kaniyang *virtual pet*.

“Eto na, eto na!”

Dahil lingguhan kung umuwi si Mama dahil namamasukan siya bilang *assistant* ng isang mayamang *programmer* sa kabilang bayan habang hindi naman regular ang pag-uwi ni Papa mula sa *construction site*, palaging kami ni Isa ang naiiwan sa bahay. Naging responsibilidad ko ang alagaan siya.

Binuksan ko ang kabinet sa itaas ng aming *food processor*. Kumuha ako ng isang bote ng likidong kulay berde at ibinuhos ko ito sa embudo sa taas ng *processor*, at pagkatapos, tumingin ako sa maliit na *screen* nito para sa mga numerong may katapat na pagkain. Mabuti na lamang at may Adobo sa listahan. Pinindot ko ang AD-9825500001 sa keypad ng *food processor*.

Sabi pa ni Papa, maswerte na rin daw itong barangay namin dahil mas mabilis ang *connection* namin kaysa sa ibang mas mahihirap na bayan. Dahil dito, mas madali ang aming *hologram*, at mas mabilis din naipapadala ang mga numerong kailangan para sa aming pagkain. Mayroon din kaming buwanang *supply* ng mga kemikal mula sa gobyerno dahil sa trabaho ni Papa. Dahil sa mabilis na koneksyon, kahit papaano ay nakakakain kami sa tamang oras.

Matapos ang dalawang minuto, tumunog ang *processor* at kumalat sa hangin ang amoy ng bagong lutong adobo. Binuksan ko ang isang maliit ng pinto ng makinang lutuan namin ng pagkain at kinuha ang dalawang malapad na tabletang kasing laki ng aking mga palad. Kapag kinain mo ang tabletang ito, busog ka na, lasang adobo pa!

“Kakain na!” sigaw ko sa aking nagugutom na kapatid. Pinagsaluhan namin ang aming pagkain. “Ubusin mo ‘yan!” ang bilin ko pa kay Isa.

Matapos kumain, pinatayo ko na si Isa sa aming *lavatory*. Tatlong *laser lights* ang tila nag-*scan* sa buong katawan ni Isa. Dahil medyo sira na rin itong aming makina, mabagal na ang paggalaw ng mga ilaw. Kahit hindi pa ako gaanong nakararamdam ng ihi, tumayo na rin ako sa *lavatory* upang maibsan ang kaunting katok ng aking pantog. Pinapatay rin ng mga laser ang anumang dumi sa katawan, kaya naman matapos ang buong proseso, handa na kaming matulog ni Isa. Itinapat naming ang aming mga mata sa *iris checker* at ang aming hinlalaki sa *biometrics* bago humiga sa magkahilera naming mga kama.

Nagpapalipas na naman ako ng oras sa pagtingin kay Tiya Salome habang nagmamasid siya sa labas. Naging gawain na niya ang tumingin sa paligid, at naging gawi ko naman ang pagmasdan siya. Ano kaya ang kanyang iniisip?

Nagulat ako ng biglang lumingon sa aking direksyon ang matanda. Hindi nakasimangot ang kanyang mga labi, hindi rin nakakunot ang noo, tanging ang mga mata lamang niyang nangungusap ang nagpapadama sa akin ng kalungkutan. Malalim ang kanyang mga mata, sa lalim nito’y tila matagal ang pag-*scan* ng *iris checker* sa kanyang mga mata dahil matagal na gagalugurin ng berdeng ilaw mula sa makina ang madilim na balon na nagkukubli sa kanyang mga titig.

Matagal bago lisanin ng kanyang mata iyong akin. Tumingin siyang muli sa bintana, ngunit kasama nito ngayon ang pagturo ng kanyang daliri sa labas. Nag-isip ako noong una, ngunit dahil hindi ko makita ang kanyang tinuturo, dahan-dahan akong lumapit sa kanyang paboritong pwesto, isang batang nagpaunlak sa imbitasyon ng matanda, nabihag ng kanyang lalim ng kanyang mga mata.

Ngunit walang tinuturo ang matanda, walang partikular na bagay ang binabaybay ng direksyon ng kanyang hintuturo. Tanging iyong pilak na *plates* lamang ang makikita sa labas, wala nang iba. Hindi

inalis ng matanda ang pagkakaturo. Ang isa niyang kamay ang siya namang humihila sa aking *suit*. Niyayaya niya akong lumabas ng gusali.

Hindi pa ako nakakalabas ng gusaling ito. Ang mga magulang ko'y nakakalabas man, ngunit hindi sila naglalakad sa palitadang intinuturo ni Tiya Salome. May bahaging binubuksan sa kabilang dulo ng pasilyo kung saan nag-aabang na ang mga sasakyang naghahatid sa lahat ng trabahante patungo sa iba't ibang opisina nila. Dahil ito lamang ang transportasyon, naka-*schedule* ang pag-uwi nila. Mga bata lamang na nag-aaral namang lahat ng *online courses* ang karaniwang naiiwan sa gusali o kaya iyong mga matatandang walang trabaho.

Magkagayunman, itinulak ko ang wheel chair ni Tiya Salome patungo sa *elevator*. Bumaba kami sa unang palapag at nagtungo sa kinakalawang nang pinto palabas ng gusali. Maswerte ring basag ang *alarm system* nito at hindi na pinalitan dahil wala rin namang lumalabas. Kahit pa dahan-dahan kong binuksan ang pinto ay ngumingitngit pa rin ito kaya naman unti-unti ang aking pagbubukas.

Sumalubong sa akin at kay Tiya Salome ang nakakabulag na liwanag. Mainit ito ngunit hindi nakakapaso. Habang tinatakpan ko ang aking mga mata dahil sa pagkasilaw ay naramdaman ko ang sarap sa pakiramdam na buhat ng liwanag. Bagama't hindi ako nilalamig, tila baga tinutunaw ng init ang panlalamig sa kaibuturan ng aking katawan.

Matapos umayon ng aking mata sa liwanag ng araw, namasdan ko ang paligid. Hile-hilerang mga gusaling may dalawang palapag ang makikita sa anumang maabot ng tanaw ng mga mata. May mga numero sa bawat isa, ngunit bukod doon ay wala nang pagkakaiba ang bawat gusali. Sa taas nito, naglalakbay sa gitna ng bilog na araw ang puting ulap sa asul na dagat ng kalangitan. Napanganga ako habang pinagmamasdan ang buong eksena, kung paanong ang araw ay nakangiting nagmamasid sa mabagal na andar ng tila nagtsitsismisang mga ulap na hinila ng langit panungo sa walang hanggan. Mas maganda pa kaysa sa mga nakikita ko sa *hologram*.

Hinila muli ni Tiya Salome ang aking damit sabay turo sa kaliwa. Itinulak ko siya patungo sa bahagi ng gusali kung saan makikita ang bintanang lagi niyang dinudungawan.

Umupo ako sa harap ng matanda at marahan siyang kinausap "Tiya Salome, dito po ba? Ano po iyong tinuturo ninyo kanina?"

Muling tumuro sa sahig ang matandang babae. Sinundan ko ang direksyong iyon, ngunit tanging mga *plate* lamang ang aking nakikita.

Hanggang sa mapansin ko ang isang *plate* na tila may yupi sa dulong bahagi. "Ito po ba?" ang tanong ko. Tango ang isinagot ni Tiya Salome.

Sinubukan kong tanggalin ang parihabang *plate* na may yupi sa gilid. Mahirap sa una ngunit naging matagumpay ako sa pagtanggal nito. Tumambad sa akin ang kulay *brown* na malambot na bagay sa ilalim.

"Lupa?" Ngayon lamang ako nakakita ng lupa. Sabi sa klase namin sa kasaysayan, noong unang panahon daw, nababalot ng lupa at tubig ang buong mundo, ngunit matagal na panahon na daw iyon. Hindi ko alam na hanggang ngayon, sa lupa pa rin pala kami nakatuntong.

Habang hinahawakan ko ang malambot na lupa, napansin kong may kinukuha si Tiya Salome mula sa kanyang bulsa. Naglabas siya ng ilang maliliit na tableta. Hindi, ang mga ito ay buto ng halaman. Nakakita na ako sa aming pag-aaral ng kasaysayan ng mundo.

Nakangiting iniabot ni Tiya Salome ang may benteng maliliit na buto sa akin, sabay tingin sa lupang aming natuklasan. Alam ko na ang gusto niyang mangyari.

Mabilis akong naghukay ng lupa. Ginamit ko ang natanggal na bakal bilang panghukay. Hindi ko alam kung gaano kalalim ang dapat kong hukayin kaya patuloy lamang ako sa paghuhukay. Ang nagpatigil sa akin ay hindi ang sarili kong paghusga sa lalim ng lupa at hindi rin iyong kay Tiya Salome. Ang naging hudyat ko ay ang paparating na mga sundalo.

Hindi ko alam kung ano ang mali sa aming ginagawa, ngunit nakaramdam ako ng takot. Agad kong ibinuhos ang lahat ng buto mula sa aking mga kamay patungo sa lupa at tinabunan ito. Umaalingawngaw ang sirenang dala ng mga sundalong nakaputing helmet at uniporme. Kailangan kong magmadali.

Pagdating ng mga sundalo ay agad nila kaming dinala pabalik sa loob ng gusali. Naging mabilis ang mga pangyayari. Buhat ako ng isang sundalo habang dalawang sundalo naman ang may buhat kay Tiya Salome. Nakita kong ibinalik lamang ng isang sundalo ang *plate* sa pagkakalagay nito. Alam nila kung saang yunit kami nakatira at dinala lamang nila kami sa kani-kaniyang mga kwarto. Walang salita, walang paliwanag.

Inilagay sa *lock down* ang lahat ng gusali pagkatapos noon. Lahat ay hindi maaaring lumabas sa palapag kung saan sila nakatira. Pinalitan din ang pintong papalabas ng gusali. Wala nang pintuan kundi pader na bakal na lamang.

Ilang linggo na ang nakalipas mula nang mahuli kami ng mga *peace officer* na lumabas ng aming gusali. Matapos ang araw na iyon, nakatanggap sila Mama at Papa ng *warning* dahil sa aking kapabayaan. Si Tiya Salome naman ay bumalik sa dati niyang gawain: magmamasid sa labas, hihikbi sa gabi.

Mula sa aming pintuan ay pinagmamasdan ko pa rin si Tiya Salome. Minsan, titingin siya sa akin at ngingiti. Minsan naman ay hindi niya ako napapansin. Nakatitig lamang siya sa labas, nakadungaw sa bukas na bintana.

Isang araw, maaga akong nagising at si Tiya Salome agad ang aking hinanap. Gusto kong malaman kung anong oras siya nagigising, ngunit nauna pa rin siya noong araw na iyon. Bumungad sa akin si Tiya Salome, nakaupo na sa kanyang pwesto.

Ngunit may napansin akong ginawa niya noong umagang iyon. Hawak niya ang isang basong tubig, ngunit hindi niya ito ininom. Sa halip ay itinapon niya ang tubig sa labas ng bintana. Hindi kaya niya iniinom ang kanyang mga gamot?

Bigla akong nakarinig ng mga yabag kaya nagtago ako sa likod ng aming pinto. Iniawang ko lamang ng kaunti upang makita ang pinagmumulan ng papalapit na ingay. May apat na sundalong umakyat at nagdirecho kay Tiya Salome. Itinulak ng isa ang *wheel chair* ng matanda patungo sa kabilang dulo ng pasilyo, habang ang tatlo ay pumasok sa kwarto upang kuhanin ang lahat ng gamit ng matanda.

Nagtagpo ang aming mga mata nang dumaan sila sa aming pintuan. Ngunit iba na ang mga mata ni Tiya Salome. Nangungusap pa rin ang mga ito, ngunit sa pagtingin niya sa akin, naramdaman kong muli ang init ng araw nang dumampi sa aking balat ang sinag nito. Iyon ang pamamaalam na binigay sa akin ni Tiya Salome. Saan kaya nila siya dadalhin?

Halos buong araw akong nagkulong sa kwarto namin matapos ang pagkuha nila sa matanda. Hapon na nang lumabas ako upang magtungo sa bintana. Bukas ang pintuan ni Tiya Salome, ngunit isang kama lamang na walang sapin at isang malaking kabinet ang natira sa buong kwarto. Nakatiwangwang na lamang ang naging tahanan ng matanda sa loob ng maraming taon.

Sumilip ako sa bintana at pinagmasdan ang papalubog na araw. Sa kulay dalandan nitong mga sinag ay tila nagpapaalam ito sa mundong nakatago mula sa init nito. Bumigat ang aking pakiramdam, gayun din ang aking mga mata. Ipinaalala ng araw sa akin ang kaniyang init, ang init na hindi ko na madarama. Tila mapapaiyak ako at hindi ko alam kung bakit. Kaya naman pinili kong isara na lamang ang bintana bago pa man ako lumuha.

Gayunpaman, pumukaw sa aking pansin ang isang berdeng bagay sa labas, katapat mismo ng bintana. Sa gilid ng yuping *plate* na tinanggal ko noon ay may tila berdeng nakalitaw, tila sumisilip, humahabol sa papawala nang mga sinag. Matagal bago ko pa naisip na ito pala ay ang halaman o *plant* na

tinanim namin ni Tiya Salome. Matagal na siguro niyang tinatapon ang tubig niya tuwing umaga. Tama, kailangan ng halaman ng tubig, araw, hangin, at lupa upang mabuhay.

Mula noon, naging bahagi na ng aking umaga ang pasimpleng pagdidilig sa tumutubong halaman sa labas ng bintana. Ginagawa ko rin iyon sa gabi. Hindi ko alam kung babalik pa si Tiya Salome, ngunit umaasa ako na kung babalik siya, patuloy na magniningning ang kaniyang mga mata at hindi na malulungkot pa.